# ANO ANG DAPAT KONG GAWIN HABANG HINIHINTAY KO ANG MGA RESULTA NG AKING PAGPAPASURI?

## MAG-ISOLATE

Mag-isolate sa bahay sa loob ng 10 araw pagkatapos magsimula ng iyong mga sintomas AT 24 na oras pagkatapos mawala ang iyong lagnat at bumuti ang iyong mga sintomas.

---

Kung hindi ka nagkaroon ng mga sintomas, dapat kang mag-isolate sa bahay sa loob ng 10 araw pagkatapos isagawa ang iyong pagpapasuri.

www.smchealth.org/IQ

## MAKIPAG-UGNAYAN

Abisuhan ang iyong mga kaibigan at kapamilya na lumapit sa iyo (simula 48 oras bago mo maranasan ang mga unang sintomas o, kung hindi ka nagkaroon ng mga sintomas, 48 oras bago ang iyong pagpapasuri) na nagpapasuri ka para sa COVID-19.

## SUMAGOT

Sagutin ang mga online na tanong sa text message na matatanggap mo mula sa SMC Health.

---

Makakatulong sa amin ang impormasyong ibibigay mo para maabisuhan ang ibang taong posibleng nalantad, upang hindi nila maipasa ang COVID-19 sa iba.

**www.smchealth.org/coronavirus/what-is-contact-tracing**

**Para sa lahat ng tanong, tumawag sa 2-1-1**


SAN MATEO COUNTY HEALTH

# ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAGPOPOSITIBO AKO?

Kung magbibigay ka ng numero ng telepono sa panahon ng iyong pagpapasuri, makikipag-ugnayan sa iyo ang San Mateo County Health sa pamamagitan ng isang naka-automate na text message at/o ang isang contact tracer sa pamamagitan ng telepono.

- Sumagot sa mga tanong online na makakatulong sa SMC Health na maabisuhan ang mga contact at mapigilan ang pagkahawa ng iba.
- Hihilingin sa mga online na tanong at ng contact tracer na kumpirmahin mo ang iyong pangalan at petsa ng kapanganakan.
- HINDI hihingin sa iyo ang iyong numero ng social security, impormasyon ng lisensya sa pagmamaneho o katayuan sa imigrasyon.
- Makakatulong ang pagsagot sa mga tanong para mai-link ka sa mga resource na makakatulong sa iyo habang nag-a-isolate ka.
- Bisitahin ang link para matuto pa at makapag-verify:
  www.smchealth.org/coronavirus/what-is-contact-tracing





SAN MATEO COUNTY HEALTH